Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BAHAY NA TISA, SAN GABRIEL, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 157-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA BIGYANG KAPANGYARIHAN ANG MGA PUNONG BARANGAY NA MAGTALAGA NG ISANG KINATAWAN NA MAGPAPATUPAD SA MGA LALABAG AT SA MGA NAKABALAKID, MAKAKAABALA SA DALOY NG TRAPIKO KATULAD NG MGA ILEGAL NA ISTRUKTURA SA LAHAT NG PAMPUBLIKONG DAAN BILANG PAGTALIMA SA ISINASAAD NG DILG MEMORANDUM CIRCULAR NO. 2019-121.

AKDA NI: KGG. NOEL G. PINEDA

**SAPAGKAT,** nasasaad sa Memorandum Circular No. 2019-121 mula sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG), na ang mga lokal na pamahalaan ay inaatasan na mahigpit at agarang ipatupad ang pagbawi sa mga kakalsadahan *(road clearing operations)*;

**SAPAGKAT,** batay sa R.A. 4136 kilala sa tawag na Land Transportation and Traffic Code, Artikulo 5, Seksyon 52, na walang sinuman ang pinapayagan na pumarada o gamitin ang kakalsadahan para sa pansariling layunin;

**SAPAGKAT,** ayon sa Kautusang Bayan Blg. 54-97, Seksyon 52 na ang mga ilegal na nakaparada at iba pang nakaparadang sasakyan na nagiging sanhi ng pagbigat sa daloy ng trapiko ay maaaring *i-tow* at *i-impound* upang mapanatili ang kaayusan;

**SAPAGKAT,** batay sa Section 16 ng R.A 7160 o mas kilala sa taguring kodigo ng lokal na pamahalaan, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang Kagalingang Panlahat;

Sa pamamagitan ng mungkahi ni KGG. NOEL G. PINEDA na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang isang Kapasiyahang Panlungsod na humihiling sa Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian na bigyang kapangyarihan ang mga Punong Barangay na magtalaga ng isang kinatawan na magpapatupad sa mga lalabag at sa mga nakabalakid, makakaabala sa daloy ng trapiko katulad ng mga ilegal na istruktura sa lahat ng pampublikong daan bilang pagtalima sa isinasaad ng DILG Memorandum Circular No. 2019-121.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

***KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*090919